8

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 3

Aralin

2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 3: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Harold M. Bumanglag (The Raya School)

**Tagasuri**

- Amabel T. Siason (West Visayas State University)
-

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pamamahala ng ugnayan sa panahon ng hindi pagkakaunawaan sa kapuwa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga wastong paraan ng pamamahala ng ugnayan kung may hindi pagkakaunawaan sa kapuwa upang malinang ang pagiging mapagpasensiya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pagiging mapagpasensiya sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga paraan ng positibong pagpapayapa ng isip at damdamin.<br>A. Nakapagpapahayag ng mga wastong paraan ng pamamahala ng ugnayan kapag may hindi pagkakaunawaan sa kapuwa.<br>B. Naipaliliwanag na ang pamamahala ng ugnayan sa panahon ng hindi pagkakaunawaan sa kapuwa ay mahalaga para maisalba ang mabuting ugnayan at mapairal ang kahinahunan upang makaiwas mula sa mga hindi inaasahang kahihinatnan.<br>C. Naisasakilos ang mga wastong paraan ng pamamahala ng ugnayan kapag may hindi pagkakaunawaan sa kapuwa. |
| **D. Lilinanging Pagpapahala** | Mapagpasensiya *(Patience)* |
| **E. Nilalaman** | Pamamahala ng Ugnayan sa Panahon ng Hindi Pagkakaunawaan sa Kapuwa |
| **F. Integrasyon** | |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**

American Management Association. (2019, July 25). *The five steps to conflict resolution.* Online Business & Corporate Training Seminars, Classes, and Courses | AMA. Retrieved April 19, 2024, from https://www.amanet.org/articles/the-five-steps-to-conflict-resolution/

Bybee, B. T., Edwards, R., Frost, J. K., Harvey, A. J., & Navarro, M. (2016). That's not what I meant: how misunderstanding is related to channel and perspective-Taking. *SAGE*, *36*(2), 188-210. http://dx.doi.org/10.1177/0261927X16662968

Era. (2023, March 19). *Breaking patterns: Healing misunderstanding*. Sunny Kind Journey. https://www.sunnykindjourney.com/blog/breaking-patterns-healing-misunderstandings

Gasparinetti, F. (2023, May 22). *The benefits of nurturing your social connections*. LinkedIn. https://www.linkedin.com/pulse/benefits-nurturing-your-social-connections-francesco-gasparinetti/

Lawson, K. (n.d.). *Nurture your relationships*. Taking Charge of Your Wellbeing. https://www.takingcharge.csh.umn.edu/nurture-your-relationships

Punsalan, T. G., Gonzales, C. C., Marte, N. C., & Nicolas, M. D. (2019). Ako at Ang Ibang Tao, Kapwa-Tao. In *Paano Magpakatao 8* (1st ed., pp. 136-155). REX Bookstore.

*The power of calmness*. (n.d.). RA-HA. https://ra-ha.net/articles/power-of-calmness.htm

*Tolerance for Disagreement Scale*. (n.d.). James C. McCroskey. https://www.jamescmccroskey.com/measures/tfd.htm

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**Maikling Balik-aral**<br>Pagmasdan nang 2inute ang mga paskil na larawan. Ang mga ito ay larawan ng iba't ibang tao na nakakasalamuha natin sa pang-araw-araw. Batay sa nakalipas na aralin, magbigay ng mga inaasahang gawi ng pakikitungo sa kanila na nagpapakita ng katapatan sa salita at gawa at nagtataguyod ng kanilang dignidad bilang tao.<br><br>https://www.flickr.com/photos/tacitrequiem/3180198714<br><br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Cambodian_farmers_planting_rice.jpg | Mga halimbawa ng larawan na kalakip sa banghay-aralin na ito:<br>1. Nanlilimos<br>2. Matatanda o Magsasaka<br>3. Nagsisilbi sa mga Kainan *(Food Service Crew)*<br>4. *Security Guard*<br>5. Bata<br><br>Ang guro ay maaaring magbigay pa ng mga alternatibong larawan batay sa mga napapanahong isyu o kaganapan sa lipunan. |

| | | |
|---|---|---|
| | <br>https://picryl.com/media/airman-alfonso-juarez-cleans-tables-as-part-of-his-duties-as-food-service-attendant-b3d203<br><br><br>https://www.flickr.com/photos/fotograzio/48011095128<br><br>https://nara.getarchive.net/media/smiling-children-wave-philippine-and-us-flags-during-54112b<br><br>**Tanong:**<br>Sa iyong palagay, ano ang naidudulot ng matapat na pakikipagkapuwa sa ating lipunan? | Subuking mapalabas ang *key concept* ng aralin na ito sa sagot ng mga mag-aaral.<br><br>Para maiugnay ang nakaraang aralin sa bagong aralin, maaring sabihin ito ng guro:<br>Ang nakaraang aralin ay nagturo sa atin ng mabuting pakikitungo sa kapuwa sa pamamagitan ng pagiging matapat at paggalang sa kanilang dignidad bilang tao. Ang mga natutuhang ito ay inyong magagamit upang malinang ang kasanayan na inaasahan sa bagong aralin. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Korona ng Pagpapahalaga sa Ugnayan sa Kapuwa<br>**PANUTO:** Magbigay ng mga katangian ng taong may pagpapahalaga sa kaniyang ugnayan sa kapuwa. Isulat ito sa mga bilohaba sa itaas ng korona. Gawin ito sa sagutang papel.<br><br>**Mga Tanong:**<br>1. Alin sa mga katangian na ito ang iyong tinataglay at nais taglayin?<br>2. Sa iyong palagay, bakit mahalagang taglayin ang mga katangian na ito?<br>3. Paano makakatulong ang mga katangian ito sa ugnayan ng mga tao? | Maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng dalawa hanggang tatlong 3inute sa pagsagot sa gawain.<br><br>Pagkatapos, itabi muna ang sagutang papel dahil magagamit pa ito sa mga susunod na gawain. |

**Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**
Tingnang 4inute ang *word search puzzle.* Ito ay naglalaman ng mga mahahalagang salita sa aralin. Gamitin ang mga kahulugan bilang gabay upang mahanap ang mga salita.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | R | V | J | Z | H | O | A | P | S | M | C | G | E | O |
| A | T | P | D | V | R | D | Q | L | U | Q | O | F | C | P |
| V | L | Q | Z | V | X | N | G | C | Y | I | N | I | D | U |
| M | P | V | A | A | M | U | F | Q | O | P | P | F | F | B |
| X | S | E | E | W | J | S | H | Y | K | K | A | X | V | N |
| G | G | G | I | X | V | A | I | A | E | T | G | B | Z | A |
| S | U | E | Y | N | Y | G | T | V | G | M | T | J | I | N |
| U | J | U | B | S | E | A | J | M | C | P | A | U | U | U |
| O | E | A | A | R | P | P | F | Z | Q | B | T | M | G | H |
| W | O | Z | K | A | N | I | P | X | I | U | A | Q | N | A |
| R | D | S | T | P | D | K | S | A | Q | X | L | L | A | N |
| G | D | A | W | S | X | I | J | C | M | A | O | Z | Y | I |
| N | N | O | Q | O | I | K | Y | L | O | Y | V | B | A | H |
| T | G | L | Z | G | T | A | X | J | J | P | Y | W | N | A |
| X | T | O | J | M | X | P | U | M | M | K | L | J | U | K |

1. Ito ang tawag sa namamagitan sa dalawang tao bilang magkasama sa lipunan.
2. Ito ang mahinahong tugon sa mga situwasyong hindi ninanais.
3. Ito ay hakbang upang makabuo ng solusyon sa problema tungo sa pakikipag-ayos sa kapuwa.
4. Ito ay ang pagiging totoo sa kilos at intensiyon sa kapuwa.
5. Ito ay epekto ng hindi pagkakaunawaan at nagiging hamon sa pakikipag-ugnayan sa kapuwa.

Ginamit na *word puzzle generator* [https://worksheets.theteacherscorner.net/](https://worksheets.theteacherscorner.net/)
Ang guro ay maaaring gumamit ng *reward system* o *pointing system* sa gawaing ito upang mahikayat ang pakikilahok ng mga mag-aaral.
Narito ang susing kasagutan:
1. Ugnayan
2. Kahinahunan
3. Pakikipagkasundo
4. Katapatan
5. Pagtatalo

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**Kaugnay na Paksa 1: Wastong Paraan ng Pamamahala ng Ugnayan sa Kapuwa**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Ang pagkakaroon ng ugnayan ay likas sa tao bilang magkakasama at magkakasalamuha sa isang lipunan. Ang kulturang Pilipino ay may pagpapahalaga sa mabuting ugnayan ng bawat isa (Gonzales, Marte, Nicolas, at Punsalan, 2019) na nagiging pundasyon ng mga relasyon sa ating bayan.
Ang bawat ugnayan ay mahalagang nabibigyan ng pagkilala sa kung paano ito isinabuhay ng bawat indibiduwal, kabilang na rito ang mga gawaing nagpapaunlad ng pamamahala sa mga ugnayang ito. Sa pamamagitan ng matibay at maunlad na ugnayan sa kapuwa, ayon sa isang paskil ni Gasparinetti (2023), ay napapabuti ang ating kalusugan, kasiyahan sa buhay, at pagiging produktibo. Dagdag pa niya ay may tatlong benepisyo ito. Una, nagbibigay ito ng emosyonal na suporta at kaginhawaan sa panahon ng kagipitan.

Ang guro ay maaaring gumamit ng *mnemonics* sa pagtatalakay ng nilalaman upang madaling maalala ito ng mga mag-aaral. Tignan ang mga naka-*bold* na titik bilang gabay.

Pangalawa, ito ay nagsisilbing motibasyon na matamo ang mga layunin sa buhay at lumago bilang isang tao. Pangatlo, pinagyayaman nito ang buhay nang may kasiyahan. May positibong dulot ang pagkakaroon ng ugnayan sa iba lalo kung ito ay pinamamahalaan nang wasto at may katapatan.

**Mga Paraan sa Pagpapaunlad ng Ugnayan sa Kapuwa**

Sa araw-araw ay marami tayong nakakasama sa iba't ibang pagkakataon. Sila ay ang ating pamilya, mga kaibigan, kapitbahay, kamag-aral, guro, at iba pang ating nakakasalamuha. Ang ating ugnayan sa kanila ay maaaring karaniwan o natatangi. Gayunpaman, ito ay naglalayong palawakin ang ating karanasan at pagkilala sa ating sarili at sa lipunan.

Ang ugnayan ng tao sa kaniyang kapuwa ay nagbibigay ng pagkakataon sa lalong pagpapabuti ng kalidad ng buhay at ng lipunan. Ito ay mangyayari sa patuloy na pagpapaunlad ng ugnayan sa bawat isa. Ang mga sumusunod ay 8 P's ng mga wastong gabay sa pamamahala sa ugnayan sa kapuwa.

1. **P**agpapakita ng interes sa iba. Nagsisimula ang pakikipag-ugnayan sa pagpapakita ng interes sa ating kapuwa. Sa ganitong paraan ay nagkakaroon ng pagkakataon na kilalanin ang iba at bumuo ng ugnayan sa kanila.

2. **P**aglalaan ng oras. Sa isang pag-aaral, lumabas na ang paglalaan ng anim hanggang pitong oras (6 to 7 *hours*) kasama ang kapuwa ay nagdudulot ng labis na kasiyahan sa tao (Harter & Arora, 2009; Lawson, n.d.). Ang pagbibigay ng oras sa ating kapuwa at paggawa ng mga bagay nang magkasama ay nagpapatibay ng ugnayan sa kanila.

3. **P**agpapahalaga sa iba. Sikaping makita ang kabutihan at maganda sa ibang tao. Sa kabilang banda, maingat na punahin ang mga kamalian at bigyang-pansin ang damdamin ng iba. Ang paraang ito ay pagpapahalaga sa dignidad ng tao.

4. **P**agiging bukas at paggalang sa pagkatao ng iba. Magkaroon ng bukas na komunikasyon sa iba na may pagtanggap at walang panghuhusga. Sa ganitong paraan ay naipapakita natin ang paggalang sa kanilang pagkatao. Ang paggalang sa isa't isa ay nag-uudyok sa maayos na ugnayan.

5. **P**agpapatawad at pagtanggap ng pagkakamali. Matutong magpatawad sa mga kamaliang nagawa sa iyo at humingi ng tawad bilang pagtanggap sa pagkakamali na nagawa. Ang pagpapatawad at pagkilala sa kamalian ay nagdudulot ng kaayusan at pagkakaunawaan.

6. **P**<u>agiging matapat at makatarungan.</u> Ang pakikipag-ugnayan ay pagbuo ng tiwala na nag-uugat sa matapat at makatarungang pakikipagkapuwa. Sa ganitong paraan ay nagkakaroon ng matibay at maunlad na ugnayan sa pagitan ng mga tao.

7. **P**<u>agpapasalamat.</u> Ugaliin ang magpasalamat sa bagay na tinatanggap mula sa ibang tao. Ang pagpapahayag ng pasasalamat ay nagpapatibay ng ugnayan sa kapuwa.

8. **P**<u>akikinig.</u> Mahalaga ang komunikasyon sa pagbuo at pamamahala ng ugnayan sa ibang tao. Tulad ng pagsasalita upang iparating ang nais sabihin, mahalaga rin ang pakikinig upang maunawaan ang mensahe. Sa pakikinig ay nagsisimula ang isang maunlad na ugnayan ng tao.

**IKALAWANG ARAW**

**<u>Birtud ng Kahinahunan</u>**

Ang kahinahunan ay isang positibong tugon sa mga bagay o pangyayaring hindi kanais-nais. Ito ay ang birtud na hindi gaanong nabibigyang-pansin sa mga pagkakataong nahaharap sa pagsubok o panganib. Ang mga taong isinasabuhay ang birtud ng kahinahunan ay may kakayahang balansehin ang kanilang emosyon, magamit ang kanilang lakas sa nararapat, at magkaroon ng maayos at malinaw na pag-iisip upang maging maingat at mabuting makitungo sa ibang.

Sa pagbuo ng ugnayan sa ibang tao ay may mga pagkakataon na hindi ito umaayon sa nais at inaasahan natin. May mga bagay na taliwas sa ating layunin at kagustuhan. Ang ganitong pagkakataon ay nagdudulot sa atin ng pagkabagabag, galit, lungkot, at tensyon sa pagitan natin at ating kapuwa. Ang pagiging mahinahon ay pagkalma sa mga ganitong situwasyon at hindi nagpapaudyok sa bugso ng damdamin. Ito ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong magnilay sa situwasyon, mag-isip nang maayos, at magdesisyon nang tama.

Ang birtud ng kahinahunan ay maaaring taglayin ng bawat isa. Ito ay itinuturing bilang *"Cradle of Power"* o lundayan ng lakas at kapangyarihan (RA-HA, n.d.) ng isang tao na balansehin at kilalanin ang sarili. Kung wala ito, ang iba pang lakas ng tao ay hindi magagamit sa tama, maaabuso, o walang mapaggagamitan. Ito rin ay nagbibigay sa atin ng kakayahang makibagay (RA-HA, n.d.), makipag-ugnayan, at makisama.

Kung ang tao ay may birtud ng kahinahunan, siya ay may kakayahang tumugon sa mga hamon sa kaniyang pakikipag-ugnayan sa ibang tao sa iba't ibang paraan.

1. Pagtugon nang may kasiyahan, pagtitiwala, at paniniwalang may **k**abutihan sa ibang tao, hanggang sa kanila itong mapasubalian.
2. Pagtugon nang **m**akatwiran, kung ito ay komplikado.
3. Pagtugon nang **m**ahinahon, kung ito ay may dalang panganib ngunit hindi maiiwasan.

Maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng tatlo hanggang limang minuto para sa gawaing ito.

4. Pagtugon nang may bahagyang pagpapakita ng matinding **e**mosyon kung kinakailangan.
5. **P**agpapalipas dito nang pansamantala o permanente bago tumugon nang naaayon, kung walang gumana sa mga naunang paraan.


Sa pagiging mahinahon nagkakaroon tayo ng matalinong pag-iisip at pagdedesisyon sa mga aksyon na ating gagawin upang magkaroon ng matibay at maunlad na ugnayan sa kating kapuwa.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**TALA-UGNAYAN**

**PANUTO:** Sa mga taong malalapit sa iyo, pumili ng dalawa (2) na mayroon kang mabuting ugnayan. Isulat sa loob ng mga hugis ang pangalan ng napili, ugnayan sa napili, at tagal ng ugnayan, at ang katangi-tangi sa inyong ugnayan. Gawin ito sa sagutang papel.




**Mga Tanong:**
1. Ano ang iyong naging batayan sa pagpili sa kanila?_______________________________________
_______________________________________________

2. Ano ang iyong napansin sa klase ng ugnayang mayroon ka sa iyong mga napili?

_______________________________________________
_______________________________________________

3. Sa iyong karanasan, ano ang mga maaaring gawin upang magkaroon ng maayos na ugnayan sa iyong kapuwa?

_______________________________________________
_______________________________________________

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Hagdanan sa Maunlad na Ugnayan**

**PANUTO:** Mula sa naging unang gawain, magbigay ng limang hakbang upang mas mapaunlad ang iyong ugnayan sa kapuwa. Gawin ito sa sagutang papel.

**TALA-UGNAYAN**
Ang pagsasagawa at talakayan ng gawaing ito ay paglaanan ng guro ng dalawampu hanggang dalawampu't limang minuto.

1

2

3

4

5

**Mga Tanong:**

1. Alin sa mga hakbang na ito ang iyong ginagawa na?

______________________________________________

______________________________________________

2. Ano ang mga maaaring dahilan kung bakit tumatagal ang ugnayan ng mga tao?

______________________________________________

______________________________________________

3. Sa iyong palagay, ano ang maaaring maging hadlang sa maayos na ugnayan ng tao sa kaniyang kapuwa? Paano mo mapagtatagumpayan ang mga ito?

______________________________________________

______________________________________________

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: Pagsasakilos ng Wastong Paraan ng Pamamahala ng Ugnayan Upang Maiwasan ang Hindi Pagkakaunawaan**

Ang ugnayan ng mga tao ay nagsisilbing daluyan ng komunikasyon at pakikibahagi sa pang-araw-araw na buhay ng bawat isa. Sa kabila ng likas nitong kabutihang dulot, may mga pagkakataong ito ay hinahamon ng mga salik na nagdudulot ng hindi pagkakaunawaan.

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Ang hindi pagkakaunawaan ng dalawang indibiduwal ay nag-uugat sa hindi maayos na komunikasyon. Sa naging pag-aaral nila Bybee, Edward, Frost, Harvey, at Navarro (2016) lumabas na ang kadalasang sanhi ng hindi pagkakaunawaan ay ang ginamit na tono ng nagsasalita at kung ito ay hindi nagustuhan o dinamdam ng kausap nito. Ayon din sa pag-aaral na ito, nare-resolba ito sa pamamagitan ng pagiging bukas sa pakikipag-usap.

Sa mga pagkakataon ng hindi pagkakaunawaan, maaari itong makaapekto sa tiwala ng dalawang tao sa isa't isa na nagpapahirap sa kanila na ayusin ang hindi

pagkakaintindihan (Era, 2023) at kadalasan ay nagiging sanhi ng pagtatalo at hidwaan sa relasyon nila sa kanilang kapuwa.

Ilan sa mga dahilan ng hindi pagkakaunawaan ay ang mga sumusunod:

1. **K**akulangan sa nasabing impormasyon
2. Mga **p**agpapalagay
3. **P**agkiling sa mga nais lamang pakinggan
4. Kasalukuyang **e**mosyon
5. Hindi malinaw na **m**ensahe
6. Magkakaibang **p**ananaw at pagtanggap sa mensahe

Ayon kay Lawson (n.d.), ang tao raw ay *imitative species* o mapanggayang nilalang. Sinasabi niya na ibinabalik natin sa iba ang mga gawi o kilos na ginagawa sa atin. Kung ang kilos na iyong gagawin may mabuting idudulot, mabuti rin ang iyong matatanggap. Ito rin ay nakabatay sa kung paano tinatanggap ng iyong kapuwa ang iyon naging aksyon. Kung ito naman ay hindi magdudulot ng mabuti sa ibang tao, ito ay maaaring gawin din sa iyo pabalik. Ang ganitong gawi ay may maaaring makaapekto sa ating ugnayan sa kapuwa at magdulot ng pagtatalo dahil sa mga hindi naunawaang kilos at intensyon.

**Mga Kilos at Paraan sa Pamamahala ng Mabuting Ugnayan sa Kapuwa sa Panahon ng Hindi Pagkakaunawaan**

Kasabay ng pagbuo ng mga ugnayan sa ating kapuwa ay ang mga hamon sa pagpapanatili at pagpapatibay nito. Narito ang ilan sa mga maaaring gawin upang mapamahalaan nang mabuti ang ugnayan sa iba sa mga pagkakataon ng hindi pagkakaunawaan.

1. **Ugatin ang dahilan ng hindi pagkakaunawaan.** Sa ganitong paraan ay mauunawaan ang naging problema upang makabuo ng naaayon na solusyon at hakbang upang ito ay maiwasan na sa susunod.
2. **Igalang ang pagkatao ng iba.** Ang pagkilala sa pagkatao ng ating kapuwa ay paggalang sa kanilang dignidad bilang tao. Isaisip na hindi sila ang dahilan ng hindi pagkakaunawaan, bagkus may mas malalim pa itong pinanggagalingan.
3. **Makipagkasundo sa pagbuo ng solusyon.** Matutong makipag-kompromiso sa iyong kapuwa at magkasundo sa gampanin ng bawat isa upang malutas ang hindi pagkakaunawaan.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Tayahin ang Pagpaparaya**

Sagutin ang talatanungan na tungkol sa *Tolerance for Disagreement Scale* na makikita sa Sagutang Papel. Ating susubuking sukatin ang inyong kakayahan na pamahalaan ang sarili sa mga situwasyon ng hindi pagkakaunawaan ng iyong kapuwa.

**IV. Panuto:**

Basahing mabuti ang nilalaman ng bawat bilang. Ang talatanungan na ito ay kinapapalooban ng damdamin at personal na pagtingin ng isang tao sa mga pagtatalo, kung kaya't walang tama o maling sagot. Tumugon sa bawat pahayag batay sa iyong pagsang-ayon dito. Isulat sa patlang bago ang bilang, ang **5** kung ikaw ay lubos na sang-ayon, **4** kung sang-ayon, **3** kung hindi sigurado, **2** kung 'di sang-ayon, at **1** kung lubos na di' sang-ayon.

_____1. Mas masaya ang maging bahagi ng pag-uusap kung saan maraming pagtatalo.
_____2. Masaya akong makipag-usap sa mga taong may ibang pananaw at opinyon sa akin.
_____3. Hindi ako komportable tuwing may mga taong nagtatalo.
_____4. Mas gusto kong makasama ang mga taong may kapareho kong pananaw at paniniwala.
_____5. Ang mga pagtatalo ay nagpapaunlad ng ugnayan.
_____6. Mas pinipili kong ibahin ang paksa ng usapan tuwing nagkakaroon ng hindi pagkakasundo.
_____7. May ugali akong magsimula ng pagtatalo dahil ito ay may mabuting naidudulot.
_____8. Masaya akong nakikipagtalo sa ibang tao tungkol sa mga bagay na hindi namin napagkakasunduan.
_____9. Mas gusto kong gumawa nang mag-isa kaysa may kasamang iba at magkaroon ng hindi pagkakaintindihan sa kanila.
_____10. Mas gusto ko ang maging bahagi ng isang grupo na walang pinagtatalunan.
_____11. Hindi ko kaya ang hindi sumang-ayon sa ibang tao.
_____12. Kung ako ay may pagkakataon, mas pipiliin kong umalis sa isang situwasyon tuwing may hindi pagkakasunduan.
_____13. Iniiwasan kong makausap ang mga taong sa palagay ko ay hindi ko makakasundo.
_____14. Masaya ako na makipagtalo sa iba.
_____15. Nakakapagpasigla ng usapan ang mga pagtatalo at napupukaw ako na lalong makipag-usap.

**Mga Tanong:**

1. Ano ang iyong natutuhan sa iyong sarili at kakayahan na pamahalaan ang ugnayan sa iba sa mga hindi napagkakasunduan?

2. Ikaw ba ay sang-ayon o 'di sang-ayon sa resulta ng iyong mga sagot? Bakit?

3. Ano ang iyong nararamdaman sa tuwing ikaw ay may hindi pagkakaunawaan sa iyong kapuwa? Ano ang kadalasan mong nagiging tugon dito?

4. Paano mo pinamamahalaan ang iyong sarili sa mga pagkakataon ng hindi pagkakaunawaan ?

**Tayahin ang Pagpaparaya**

Maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng lima hanggang sampung minuto para sa gawaing ito.

Gamitin ng guro ang link na ito bilang gabay at sanggunian: https://www.jamescmccroskey.com/measures/tfd.htm

Maaari itong i-proseso ng guro base sa interpretasyon na ibinigay sa sanggunian.

**IKAAPAT NA ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Anong Gagawin Mo…**

Ang klase ay mahahati sa limang pangkat. Ang bawat pangkat ay bibigyan ng senaryo. Ito ay kanilang gagawan ng maikling *role play* na nagpapakita ng wastong tugon sa situwasyong ito.

Pangkat 1 - Nagtatalo ang klase kung saan gaganapin ang kanilang ensayo sa sayaw. Bilang lider ng klase, ano ang iyong gagawin?

Pangkat 2 - Hindi magkasundo ang iyong mga kaibigan dahil hindi sila nakarating sa kaarawan ng isa pa ninyong kaibigan. Paano mo sila pagkakasunduin?

Pangkat 3 - Nagtuturuan ang iyong mga kapatid kung sino ang magtatapon ng basura. Kung ikaw ang panganay, paano mo ito gagawan ng solusyon?

Pangkat 4 - Ikaw ay pinagsasabihan ng iyong magulang dahil ikaw ay napupuyat sa kakagamit ng selpon. Ano ang sasabihin mo sa kanila at paano mo ito gagawin?

Pangkat 5 - Ang kapitbahay ninyo ay nagpa-*park* ng kanilang sasakyan sa harapan ng inyong bahay na nakaka-abala sa inyong pagpasok at paglabas. Paano mo ito kakausapin tungkol dito?

**Rubrik sa *Role Playing***

| Pamantayan | 4 pts | 3 pts | 2 pts | 1 pt |
|---|---|---|---|---|
| Pagkamit ng Layunin | Ang layunin ng gawain ay malinaw na nakamit ng mga mag-aaral at epektibong napanatili hanggang matapos ang pagtatanghal. | Ang layunin ng gawain ay nakamit ng mga mag-aaral at napanatili hanggang matapos ang pagtatanghal. | Ang layunin ng gawain ay nakamit ng mga mag-aaral ngunit hindi napanatili hanggang matapos ang pagtatanghal. | Ang layunin ng gawain ay bahagyang nakamit ng mga mag-aaral. |


**Anong Gagawin Mo…**
Ang paghahanda sa gawaing ito ay maaaring ibigay ng guro bilang gawaing pantahanan. Sa araw ng pagtatanghal, maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng limang minutong pagtatanghal sa harap.

| | | |
|---|---|---|
| | | Partisipasyon \| Ang lahat ng kasapi sa pangkat ay kasama sa pagtatanghal. \| Isa hanggang dalawang kasapi sa pangkat ang hindi kasama sa pagtatanghal. \| Dalawa hanggang tatlong kasapi sa pangkat ang hindi kasama sa pagtatanghal. \| Mahigit sa kalahating kasapi sa pangkat ang hindi kasama sa pagtatanghal. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Partisipasyon | Ang lahat ng kasapi sa pangkat ay kasama sa pagtatanghal. | Isa hanggang dalawang kasapi sa pangkat ang hindi kasama sa pagtatanghal. | Dalawa hanggang tatlong kasapi sa pangkat ang hindi kasama sa pagtatanghal. | Mahigit sa kalahating kasapi sa pangkat ang hindi kasama sa pagtatanghal. |
| Pagganap ng mga Tauhan | Kapani-paniwala ang pagganap at makatotohanan ang mga pananalita at kilos ng mga tauhan. | Kapani-paniwala ang pagganap at may iilang makatotohanan sa pananalita at kilos ng mga tauhan. | Kapani-paniwala ang pagganap ngunit makatotohanan ang mga pananalita at kilos ng mga tauhan. | Hindi kapani-paniwala ang pagganap at hindi makatotohanan ang mga pananalita at kilos ng mga tauhan. |
| Pagkamalikhain at Pagkamaparaan | Ang mga mag-aaral ay naging malikhain sa pagtatangahal at maparaan sa mga kagamitan. | Ang mga mag-aaral ay malikhain sa ilang bahagi ng pagtatanghal at maparaan sa mga kagamitan. | Ang mga mag-aaral ay hindi naging malikhain sa pagtatangal ngunit maparaan sa mga kagamitan. | Ang mga mag-aaral ay hindi naging malikhain at bahagyang nagpakita ng pagiging maparaan sa kagamitan. |
| Organisasyon ng Pagtatanghal | Mahusay ang daloy ng senaryo at organisado ang mga bahagi ng pagtatanghal. | Maayos ang daloy ng senaryo at organisado ang naging pagtatanghal. | Maayos ang daloy ng senaryo ngunit may mga bahagi ang hindi organisado. | Hindi malinaw ang naging daloy at ilang bahagi ng pagtatanghal. |

**Mga Tanong:**
1. Ano ang iyong bagong natutuhan mula sa gawain?
2. Sa iyong karanasan, ano ang madalas nagiging dahilan ng inyong hindi pagkakaunawaan ng iyong kapuwa?
3. Ano ang iyong gagawin upang magkaroon ng mas maayos na tugon sa mga hindi pagkakaunawaan at pagtatalo?
4. Sa iyong palagay, ano ang naidudulot ng kahinahunan sa ugnayan ng tao?

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Ugnayin ang Ugnayan**<br><br>Batay sa naging aralin, magbigay ng limang bagay na iyong ibabahagi sa iyong kapuwa tungkol sa tamang pamamahala ng ugnayan sa iba. | Maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng tatlo hanggang limang minuto para sa gawaing ito.<br><br>Sikapin ng guro na mai-proseso at maipalabas sa mga mag-aaral ang lilinanging pagpapahalaga sa |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>


<br>
Mga Tanong:<br>
1. Sa iyong palagay, bakit nagtatagal ang ugnayan ng mga tao?<br>
2. Ano ang kahalagahan ng mabuti at maunlad na ugnayan sa kahihitnan ng ating lipunan?<br>
3. Paano mo pa mapapaunlad at mapapatagal pa ang iyong ugnayan sa mga taong malalapit sa iyo? sa mga bagong kakilala?<br>
<br>
2. Pagninilay sa Pagkatuto<br>
Basahing mabuti ang mga salitang nakapaskil at ipaliwanag kung ano ang nais ipahiwatig ng quote na ito.<br>
<br>
"Makinig nang may pag-uusisa; magsalita nang may kalinawan; at pagbuklurin ang mga pagkakaiba nang may kabaitan."<br>
<br>
- Roy T. Bennett
</td>
<td>
gawain at sa ikalawang katanungan dito.<br>
<br>
Ang quote na ito ay isinalin sa tagalog mula sa orihinal na pagkakabanggit ni Roy Bennett: "Listen with curiosity; speak with clarity; and bridge the differences with kindness."<br>
<br>
Ito ay nanghihikayat ng aktibong pakikinig, malinaw na pakikipag-usap, at kabaitan sa paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan.
</td>
</tr>
</table>

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Basahing mabuti ang tanong sa bawat aytem. Piliin ang pinaka-angkop na sagot at isulat ito sa patlang bago ang numero.<br><br>_____1. Alin sa mga sumusunod na tugon ang nagpapakita ng kahinahunan?<br>a. Pagpapabaya<br>b. Pagiging makatwiran<br>c. Pagtanggap sa pagkakamali<br>d. Pagdududa sa kabutihan ng iba<br>_____2. Alin sa mga sumusunod ang dapat gawin sa pagkakataon ng hindi pagkakaunawaan sa kapuwa?<br>a. Husgahan ang paniniwala na iba sa iyo.<br>b. Pakinggan lamang ang nais sa sinasabi ng kausap.<br>c. Alamin ang pinanggagalingan ng dahilan ng pagtatalo.<br>d. Hayaan ang kapuwa na solusyonan ang hindi pagkakaunawaan.<br>_____3. Ang ugnayan ng mga tao ay likas na bahagi ng kanilang pagiging kapuwa. Sumasang-ayon ka ba sa pahayag na ito?<br>a. Oo, dahil sila ay tao at may kakayahang makipag-usap.<br>b. Oo, dahil sila ay magkakasama at magkakasalamuha sa lipunan.<br>c. Hindi, dahil ang tao ay sanay na mag-isang kumilos.<br>d. Hindi, dahil ito ay hindi nabubuo kung hindi gusto ng isang indibiduwal.<br>_____4. Ano ang itinuturing na *Cradle of Power* o ang pinagmumulan ng kapangyarihan ng tao upang makilala ang sarili?<br>a. Katapatan<br>b. Kahinahunan<br>c. Ugnayan sa iba<br>d. Pakikipagkapuwa<br>_____5. Sino sa mga sumusunod ang nagpapakita ng hindi wastong pamamahala sa ugnayan sa kapuwa?<br>a. Tuwing araw ng Linggo ay lumalabas si Patrick kasama ang mga mahal sa buhay upang mag-*bonding*.<br>b. Si Flor ay maiging nakikinig sa kaniyang guro habang may tinatalakay at hinintay ito matapos bago magtanong.<br>c. Pinulong ni Anna ang kaniyang pangkat kung saan siya lang ang nagbigay ng desisyon tungkol sa kanilang gagawing proyekto.<br>d. Nilapitan ni Kurt ang kaniyang kaibigan na kasali sa pambu-*bully* sa isa nilang kaklase upang pagsabihan at paliwanagan na hindi ito tama. | Maaaring bigyan ng guro ng limang minuto ang mga mag-aaral upang sumagot.<br>Mga susing kasagutan:<br>1. B<br>2. C<br>3. B<br>4. B<br>5. A<br>Ang guro ay maaaring magdagdag ng mga tanong sa pagtataya. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

**Payong Kaibigan**

Ipagpalagay na ikaw ay may kaibigan na lumapit sa iyo upang ibahagi ang nararanasang hindi pagkakaintindihan sa kaniyang pagitan at isang taong malapit sa kaniya. Ano ang payo na iyong ibibigay? Isulat ito sa isang papel.



**Mga Tanong:**

1. Ano ang dapat isinasaalang-alang sa pamamahala ng ugnayan sa kapuwa?
________________________________________
________________________________________

2. Ano ang mga maaaring maging resulta kung patatagalin ang hindi pagkakaunawaan?
________________________________________
________________________________________

3. Sa iyong palagay, kailan dapat harapin ang hindi pagkakaunawaan sa kapuwa? kailan ito pansamantalang iwasan?
________________________________________
________________________________________

4. Ano ang kahalagahan na maisaayos ang hindi pagkakaunawaan sa iyong kapuwa?
________________________________________
________________________________________

</td>
<td>Maaaring ipagamit ng guro ang virtual note pad na ito https://notepad-online.com/en/ sa pagbabahagi ng kanilang payong-liham.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>
<table>
<tr><th>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</th><th>Epektibong Pamamaraan</th><th>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</th></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***At iba pa*** | | | Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |